# Gabay sa Habak de Spiritual

Ang Habak de Spiritual ay spiritual na proteksyon mo na panghabambuhay na.

- Di ka na matablan ng kulam, barang, aswang, itim na engkanto, sapi, usog at iba pang spiritual na atake.
- Nakakahigop din ng mga enerhiya sa paligid at ibang tao para hindi matablan ang mga sensitibong tao.
- Nakakahigop din ng mga sakit para hindi mahigop ng manggagamot ang sakit ng pasyente niya.

Ang habak namin ay kakaiba dahil may dinagdag kaming perlas ng kapangyarihan mula sa kabilang mundo. Sa labas lang yan ng habak parang design pero may power.

## Paggamit:

Pareho lang ang proseso sa kahit anong hugis ng habak de spiritual. Ilagay sa katawan sa lahat ng panahon. Pwede rin ilagay sa bulsa o sa bag na malapit sa katawan. Tanggalin lang kapag maligo para di mabasa at masira ang tela. Pwede rin ilagay sa altar kapag papakainin ng dasal.

Hihigupin ng habak de spiritual ang spiritual na atake at pati na rin ang mga sakit ng mga pasyente o maysakit para hindi ito pumunta sa taong maysuot ng habak de spiritual.

Maaaring uminit o lumamig ang habak kung ito ay gumagana na naghigop sa sakit o masamang enerhiya.

Ang isang habak ay para sa isang tao na magpapakain din sa habak gamit ng dasal. Hindi pwede mag-share ang maraming tao sa isang habak.

## Pagpapakain:

Gamitin ang Gabay sa Araw-Araw na Pagdasal at isama ang habak sa Pagpapalakas na bahagi ng dasal bilang mahiwagang gamit.

Kumbaga ay pagkatapos ng pagdasal din ng 3 Ama Namin, 3 Aba Ginoong Maria at 3 Luwalhati, hipan ang habak.

Tapos sambitin ang orasyon na binigay kasama ang habak sa kada gabi. Sabihin ang title isang beses at ang orasyon ulitin ng 3 beses.

Isulat sa libro ng orasyon ang orasyon para sa habak de spiritual at sambitin ng 49 days bago pwede tumigil sa pagsambit at pwedeng hipan na lang ang libro ng orasyon. Pero mas maganda ay tuloy-tuloy sambitin kahit pagkatapos ng 49 days.

Kailangan dasalan kada gabi para maging mabisang proteksyon sa lahat ng spiritual na atake. Mas maganda gawin sa parehong umaga at gabi para mas malakas na proteksyon ang magawa.

## Pag-ingat:

Kung maingatan ang habak de spiritual, pwedeng maging habambuhay na spiritual na proteksyon na ito.

- Pwedeng ilagay sa iba pang tela o lalagyan.

- Wag isama sa pera.

- Wag ilagay sa singit.

- Wag labhan para di masira ang tela.

- Wag ilagay sa mababang lugar na kasi makakabigay ng sakit yan kung malakaran.

## Sumpa:

Bawal maglandi na nakasuot ang habak de spiritual kasi yan ang makasumpa ng habak de spiritual na di siya gagana.

## Huling Salita:

Ang habak ay malaking tulong sa pagdepensa sa mga spiritual na atake pero ang kalinisan natin sa pagtanggal sa kasalanan ang pinakaimportante para manatiling ligtas mula sa lahat ng spiritual na atake. Kung hindi tayo magmatino, matatablan pa rin tayo ng mga spiritual na atake kung naubos na ang lakas ng habak de spiritual kasi ang kasalanan ang mag-uubos sa lakas ng habak. Kung kaya't kailangan umiwas tayo sa paggawa ng mali at pananakit sa ibang tao sa isip, salita at gawa. Ang ating kabanalan ay ang pinakamalakas at pinakaunang proteksyon sa lahat ng spiritual na atake.

Kung magpatuloy tayo sa Landas ng Kabanalan (lalo na kung magmisyon tayo), magdasal palagi para sa ating mga habak de spiritual at mag-ingat sa ating isip, salita at gawa - hindi tayo maapektuhan ng mga spiritual na atake at makaiwas sa karamihan ng sakit sa mundo ng tao. God bless.